



Kwento ni Pat Rodriguez
Guhit ni Ruen Zapanta

AHA! Learning Center
komiket
THE FILIPINO KOMIKS AND ART MARKET




Dalawang matalik na magkaibigan sina Lino at Anthony.
Araw-araw, sabay silang kumakain ng tanghalian sa eskwelwahan.
Umuuwi rin silang magkasabay.

Isang araw, nagkukuwentuhan silang dalawa habang pauwi na sila.




"Anthony, may sasabihin ako sa iyo. Pero atin-atin lang ito, ha?"
"Oo naman! Ano iyon?"
"Natatakot talaga akong magbigay ng talumpati. Kinakatakutan ko talaga ang pagsalita sa harap ng maraming tao eh."
"Ah ganoon ba? Bakit ka natatakot?"



"Sa sobra kong kaba noong bata pa ako, sa isang contest, nagblangko talaga ako. As in kabisado ko naman ang aking piyesa, pero noong pag-akyat ko sa stage at kaharap ko na ang mga tao, nawala lahat ng minemorize ko.

Sa sobrang hiya ay tumakbo na lang ako pababa ng stage.

Hindi ko matingnan sina nanay at tatay sa mata pagkatapos noon.


Nag-leave pa sila sa trabaho para lang panoorin akong magtalumpati, at nauwi rin sa wala.




"Nako. Mahirap nga iyan. O siya, nandito na tayo sa inyo. Kaya mo iyan, Lino! Praktis lang nang praktis!"

"Salamat sa pakikinig, Anthony, ah!"


"Walang anuman!"



Kinabukasan, habang kumakain ng merienda sina Lino at Anthony, lumapit si Russell, isa nilang kaklase.

"O handa na ba kayo sa talumpati mamaya?"

Napailing lang ng ulo si Lino. Ang sinabi naman ni Anthony ay "Kinakabahan, pero kakayanin naman siguro."




Tumayo si Lino.
"May tatanungin lang pala ako kay Ma'am tungkol diyan."
Umalis muna siya.



"O, Anthony, tungkol saan ang talumpati mo?" tanong ni Russell.
"Ikukuwento ko kung paano kami inaalagaan ng aming nanay."
"Ah ganoon ba? Nakakatuwa naman iyan? Eh si Lino, ano naman ang kanya?"


"Naku, ayaw niya ngang sabihin kahit sa akin eh. Kinakabahan talaga siya kapag pagsasalita sa harap ng maraming tao ang pinag-uusapan."

"Bakit naman daw?"



Napatigil si Anthony bigla. Naalala niya ang pag-uusap nila kahapon ni Lino, pero inisip niya, huhusgahan ba siya ni Russell kapag sinabi niya iyon? Lahat naman ay natatakot na magsalita sa harap ng maraming tao, hindi ba?


"Noong bata kasi siya, nasa isang contest siya at nakalimutan niya ang pyesa niya. Napahiya siya sa mga magulang niyang pinanonood siya."
"Ahhh kaya naman pala."



Biglang tumunog ang bell para sa susunod na klase.
"O siya! Good luck na lang sa atin mamaya!"

Sa klase kung saan sila'y magtatalumpati, nagbigay ng anunsyo ang guro nila.
"Bubunot ako ng papel dito sa aking maliit na bag. Kapag ang number ninyo ang natawag, kayo ang magsasalita sa harap."

Bumunot siya ng isang numero. "3."




Biglang nanlamig at pinawisan si Lino. Hindi muna siya nagsalita.

Sinabi ni Anthony pagkatapos ng mahabang sandaling walang nagsasalita, "Go, Lino! Kaya mo iyan!"


Tumayo si Lino na napanatag ang loob at humarap sa klase.



Biglang nagsalita si Russell. "Okay lang iyan, Lino!
Mas malaki ka na ngayon! Huwag kang matakot!"

Napakunot ng noo si Lino. Anong tinutukoy ni Russell?
Tiningnan niya si Anthony. Nang nagtagpo ang kanilang pagtingin,
napayuko sa hiya si Anthony.

Hindi na niya nakayanang tingnan si Lino habang nagtatalumpati.




Nagwakas nang matiwasay ang pagtatalumpati ni Lino.
Ngunit balisa ang kanyang loob.
Paano naman nalaman ni Russell ang kanyang sikreto?
Sinabi kaya ito ni Anthony sa kanya?




Nang uwian na, tahimik lang si Lino na kasabay si Anthony na maglakad pauwi.
Nauna na si Anthony na magsalita. "Lino... sorry talaga..."
"Na?" Hinintay niyang ituloy ni Anthony ang sinasabi niya.

"Ano kasi... Sinabi ko kay Russell ang nangyari sa iyo dati. Inisip ko lang naman kasi ay wala namang masama sa naranasan mo. Tutal lahat naman tayo'y kinakabahan kapag magsasalita na sa harap ng maraming tao, di ba?"
Tahimik lang si Lino nang ilang minuto.




Sinabi niya, "Pero hindi kasi iyon ang dahilan kung bakit ako nahihiya. Nahihiya ako sa mga magulang kong hindi naging sulit ang kanilang pagbibisita. Nag-absent pa sila sa trabaho. Mahirap kayang magpaalam sa kanilang trabaho na mag-absent para sa ganoon."

Napatahimik si Anthony. "Lino... sorry talaga." Hindi na niya alam kung ano ang sasabihin.
Napatango na lang si Lino. "O siya, Anthony, kita-kits na bukas." Pero tahimik at malungkot ang boses niya.



Kinabukasan ay hindi na muna sabay na kumain ng tanghalian at umuwi sa bahay sina Lino at Anthony.



Masama pa ang loob ni Lino sa ginawa ni Anthony kaya hindi muna niya gustong samahan siya.



Nang lumipas ang isang linggo, si Lino na ang lumapit kay Anthony. "Anthony, gusto mo bang pag-usapan ang nangyari?"


Nagulat si Anthony dahil hindi niya inaasahang kakausapin pa rin siya uli ni Lino. "Oo naman."

"Okay. Masama ang loob ko dahil kinuwento mo ang sinabi kong huwag mong ikwento sa iba."



"Oo, naiintindihan ko iyon. Sorry talaga, Lino. Alam kong mali iyon. Sa susunod ay hindi ako magkukuwento ng sasabihin mong di ko dapat ikwento sa kahit sino."

"Salamat ah. Nasaktan lang talaga ako. Pero medyo mas okay na ako kaysa last week. Sana maintindihan mo ang nararamdaman ko. Gusto ko pa rin namang magkaibigan tayo eh."



"Oo naman, basta kung anong kailangan mo, gawin mo.
Nagulat nga akong kinausap mo na ako uli eh."

"Mas okay naman na ako. At namiss din kita 'no! Grabe ka naman!"

"Hay. Salamat ah. Pasensya na talaga, Lino. Bati na tayo?"

"Oo! Pero pramis ah, huwag mo nang ulitin iyon! Masakit kaya."

"Oo naman! Sige sige. Salamat talaga!"

